Filipino (Tagalog)

# Libreng bakuna laban sa trangkaso na nasal spray (spray sa ilong) para sa mga batang may edad ng 2 hanggang 17 taong gulang



**Kung ang iyong anak ay may edad ng 2 hanggang 17 taong gulang (bago siya umabot ng 18 taon), maaari na siyang mabakunahan gamit ang spray sa ilong sa halip na iniksyon.**

Ang pagbabakuna gamit ang spray sa ilong ay ginagamit na sa ibang mga bansa tulad ng Amerika at UK nang mahigit sa 10 taon at naibigay na ito sa milyun-milyong mga bata.

## Paano gumagana ang bakuna laban sa trangkaso na spray sa ilong

- Ang bakuna ay iniis-spray sa bawat butas ng ilong.
- Mabilis itong gumana sa ilong, kaya epektibo pa rin ito kahit bumabahing ang iyong anak pagkatapos nito.
- Mayroon itong kaunting sukat ng pinahina na virus at tinuturuan nito ang katawan ng iyong anak kung paano labanan ang trangkaso nang hindi nagdudulot ng sakit.
- Ang bakunang pang-trangkaso na spray sa ilong ay kasing epektibo ng iniksyon laban sa trangkaso.
- Tulad ng lahat ng mga bakuna laban sa trangkaso, binabago ito taun-taon, kaya kailangan ng mga bata ng isang dosis bawat taon.

## Mga side effect

Karamihan sa mga side effect ay banayad at pansamantala lamang. Ang mga bata ay maaaring:

- magkaroon ng sipon o baradong ilong
- magkaroon ng banayad na pananakit ng ulo
- makakaramdam ng pagkapagod
- kakain nang mas kaunti kaysa sa karaniwan.

Ang mga matinding side effect, tulad ng anaphylaxis (matinding reaksiyong alerhiya), ay napakabihira.

Ang ilang mga bata na may mga kondisyong medikal ay hindi dapat makatanggap ng spray sa ilong na bakuna laban sa trangkaso, sa halip ay maaari silang makatanggap ng iniksyon. Alam ng iyong GP, pharmacist, o tagapagbigay ng bakuna kung ano ang pinakamainam para sa iyong anak.

## Sino ang makakakuha nito

- Ang bakunang spray sa ilong laban sa trangkaso ay libre para sa mga batang may edad na 2, 3, 4, at 5 taon (**bago sila umabot ng 6 na taon**). Mas malamang na makaranas ng mga komplikasyon mula sa trangkaso ang pangkat ng edad na ito at madali nilang maipapasa ito sa iba.
- Maaari din itong makuha para sa mga batang may edad ng 6 hanggang 17 taong gulang (**bago sila umabot ng 18 taon**) na nahihirapan sa mga karayom.
- Libre pa rin para sa lahat ang ini-iniksyon na bakuna laban sa trangkaso.
- Ang bakunang spray sa ilong laban sa trangkaso ay naglalaman ng mga produktong baboy (porcine gelatine). Maaaring iba-iba ang gabay ng relihiyon tungkol sa bakunang spray sa ilong laban sa trangkaso. Baka gusto mong makipag-usap sa iyong propesyonal sa kalusugan at pinuno ng iyong pananampalataya kapag nagpapasya kung aling bakuna ang angkop para sa iyong anak.

## Saang lugar makapagpabakuna

Maaaring mabakunahan ang iyong anak sa isang:

- GP
- pharmacy
- klinikang pangkalusugan sa komunidad
- Serbisyong Pangkalusugan na Kontrolado ng Komunidad para sa mga Aborihinal at Torres Strait Islander.

Hindi kailangan ang Medicare card para makakuha ng bakuna laban sa trangkaso. Maaaring maningil ng bayad sa konsultasyon ang ilang mga GP.

Maaari nila ito makuha nang magkasabay sa iba pang mga karaniwang bakuna ng pagkabata.

**Protektahan natin ang mga bagay na mahalaga.**

*Maaari kang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa libreng bakuna laban sa trangkaso at mga mapagkukunan sa iyong wika sa pamamagitan ng pag-search ng '**flu facts qld**' o paggamit ng QR code na ito.*

flu facts qld upang madagdagan ang kaalaman

DELIVERING FOR QUEENSLAND

Queensland Government